

"Mapapalad kayo kapag kayo ay nilalait, inuusig, at pinagsasabihan ng sari-saring kasamaan na pawang kasinungalingan dahil sa Akin. Magalak kayo at magsaya, sapagkat malaki ang gantimpala ninyo sa langit, sapagkat gayundin nila inusig ang mga propeta na nauna sa inyo." (Mateo 5:11-12)

* * *

Ang mga pagtitiis na dinanas mo alang-alang kay Cristo sa buhay na ito ay masaganang pagkakalooban ng pabuya sa Langit.

Ang pangako ng Diyos para sa mga inusig ng dahil sa kanya ay gagantimpalaan sila ng malaki sa Langit (Mateo 5:12). Sinabi ni Jesus, *"Ang sinumang nag-iwan ng mga bahay, o mga kapatid na lalaki, o mga kapatid na babae, o ama, o ina, o mga anak, o mga lupa, alang-alang sa Aking pangalan, ay tatanggap ng makasandaang ulit at magmamana ng buhay na walang hanggan"* (Mateo 19:29).

Kapag pinagtutuunan mo ng pansin ang pangakong ito sa halip na ang iyong kasalukuyang kalagayan ay siyang paraan upang maranasan mo ang kasiyahan sa gitna ng pagdurusang. Ganyan nga kalaki ang pagtitiwala ni Pablo kahit na nahaharap siya sa kamatayan. Sa 2 Timoteo 4:8, sinabi niya, *"Kayat mula ngayon ay nakalaan na sa akin ang putong na katuwiran, na ibibigay sa akin ng Panginoon na tapat na hukom sa araw na iyon, at hindi lamang sa akin, kundi sa lahat din naman ng mga naghahangad sa Kanyang pagpapakita."*

Isa pang pagmumulan ng kagalakan sa mga pagsubok ay ang malamang nakikibahagi ka sa kapalaran ng mga propeta (Mateo 5:12). Sila ay nagdusa ng katakut-takot na paghihirap dahil sa pagpapahayag ng mensahe ng Diyos. Naisasama tayo sa marangal na samahang ito!

Isa pang huling salita ng pampasigla mula sa Mateo 5:11 -- Ang pag-uusig ay hindi magiging walang-tigil! Sinabi ni Jesus, *"Mapapalad kayo kapag..."* Ang salitamang Griyego na isinalin "kapag" ay "sa tuwina." Hindi kayo laging uusigin, subalit sa tuwing daranasin ninyo iyo, kayo ay mapalad. Dagdag pa rito, pamamahalaan ng Diyos ang kalalaan nito upang inyong matiis (1 Corinto 10:13). Alam Niya ang inyong mga kahinaan at tutustusan ng kinakailangang biyaya at kapayapaan upang makaraos kayo. Kaya nga maaari kayong magalak sa halip na kayo ay malugmok at mapuno ng hapis.

Kung handa na kayong magsakripisyo ngayon, tatanggap kayo ng di-maihahambing na gantimpala sa hinaharap. Gaano na lamang kaya kaiksi ng pananaw ang mga taong iniingatan ang sarili ngayon sa pamamagitan ng pagtanggap kay Cristo o sa pagwa-walang-bahala ng Kanyang katotohanan sa halip na isakripisyo ang kasalukuyan alang-alang sa walang-hanggang pagpapala at kaluwalhatian!

* * *

Mga Suhestiyon para Ipanalangin: Pasalamatang ang Diyos sa halimbawa ng mga propeta at ng iba pa nag nagdusa para sa Kanya.

Para sa Dagdag na Pag-aaral: Basahin ang Mateo 21:33-39 at Hebreo 11:32-38 * Paano inilarawan ni Jesus ang pag-uusig ng mga propeta ng Diyos? * Ano ang pagpupugay na sinabi ng Kasulatan para sa mga nagdusa alang-alang sa katuwiran?